



### Abstract

Two people meet at the ends of the world where their lives, research, and desires are interconnected and linked with the sightings of dead *huia* birds. The narrative explores the different forms and shapes of relationships between humans and more-than-humans and their stories of struggle and survival, which is also the story of surviving and living in a continuing time of war and terror.

### Keywords

intersectionality, postcolonialism, Indigenous studies, more-than-humans

### English title

A Throng of Wings Flapping

# LAKSANG PAKPAK NA PUMAPAGASPAS

JAY JOMAR F. QUINTOS

PIGIL NA PIGIL natin ang impit at yabag ng paa patungo sa natutuklap na pintura sa dingding ng pintuan. Dahan-dahan, inilapat natin ang mga tainga sa pag-asang maulinigang muli ang mga sagitsit at posibleng nangyayari sa labas. Tulad iyon ng pagpigil natin sa mga impit na ingay habang maingat na hinuhubad ang ating mga damit, isang malungkot na gabi ng Lunes na kapwa tayo lango sa halos tig-anim na bote ng cerveza. May pagtitimpi sa bawat haplos at halik, maging sa pagtama ng mga hubad na katawan. May hatid na takot at kaba ang posibilidad na madinig tayo ng mga kasama sa flat. Marahang-marahan, tila paglusong ang bawat hakbang natin sa lawas ng karagatang pinamumugaran ng mga tuyom. Pigil ang bawat hakbang sa proseso ng pakikipagniig. Handa na nating buksan ang pintuan at alamin kung ano ang naghihintay sa labas. Dalawang beses na tuwing araw ng Domingo, nagigising tayo sa





## MAIKLING KUWENTO

hindi pamilyar na huni ng ibon. At sa bawat pagkakataon na sabay nating bubuksan ang pintuan ng flat, tumatambad sa atin ang nakahandusay at walang buhay na ibon.

Nang bitbitin mo ang dalawang ibon na nasumpungan natin patungo sa inyong laboratory, nabanggit mong pagtataka ang nangibabaw sa mga tao na nakakita rito. Nagitla maging ang supervisor mo sa itim na ibong tangan mo sa isang plastic container. Agad na naglapitan sa iyo ang lahat, nagsuot ng kanya-kanyang gloves, at saka ninyo inilagak ang ibon sa weighing scale upang timbangin. At doon nagsimula ang pagsisiyasat at pagbutinting sa katawan nito upang matukoy ang dahilan ng pagkamatay. Itinapat ang pinakadulong bahagi ng karayom ng syringe sa tiyan ng ibon. Saka dahan-dahan, itinurok ito nang may kariinan upang makakuha ng dugo na maaaring i-examine. Inusisa ang iba-ibang bahagi ng katawan nito: hinawi ang mga balahibo, ibinuka ang mga pakpak, muli iyong itiniklop, at sinitiyas ang paa, tuka, at loob ng bibig. Idinikit ang scotch tape sa bawat sulok-sulok ng katawan upang makita kung may parásito na nananahan sa kanyang balahibo at balat.

*Huia*. Isang sagradong ibon para sa mga Māori ng Aotearoa. Considered an extinct bird that was last seen on 28 December 1907. Actually, it was mostly seen in the North Island so it's uncanny to spot its appearance at the good old Duffers, paulit-ulit mong binabanggit sa akin pag-uwi mula laboratory. May sightings daw ng *huia* noong 1977 sa Kapiti Island at hindi matiyak kahit na ng Te Papa Atawhai o Department of Conservation kung may natitira pang sanktuwaryo kung saan sila namamalagi. Itim na itim ang balahibo nito na may kaunting bahid ng kulay berde at namumuong puti sa kalupkop na dulo. Sa pagitan naman ng mukha patungong tuka ay mayroong namumuong hindi mapangalanang hugis na kakulay ng kahel. Mahalaga ang *huia* para sa komunidad ng mga Māori lalo na't ginagamit ang labindalawang itim na buntot na balahibo nito bilang bahagi ng war headdress. Kung papaanong naglaho na parang bula ang mga *huia* ay sinasabing bunsod ng pananakop ng mga Europeo. Ginambala sila ng iba-ibang hayop mula Europa sa panahon ng kolonisasyon kaya't itinuring ang mga nanggambalang hayop bilang peste sa kalakhang isla ng Aotearoa. Nakadagdag din ang patuloy na pagkakalbo at pagkasira ng kagubatan bunga ng farm stock. With regard to the *huia* birds that we saw, muli mo na namang binanggit sa paraang nilulukob pabalik ang wikang Ingles, they are both males. What's remarkable is that *huia* birds are known for their striking sexual dimorphism. Ibang-iba ang hitsura



ng babae sa lalaki. Kung ang una'y mayroong kay haba-habang tuka, ang huli nama'y mayroon lamang maigsi ngunit makapal na tuka wangis sa uwak. Dalawang matandang lalaking *huia*. Dumapo sa harapan ng flat natin at doon piniling humimlay. Nakatiklop ang mga pakpak na tila napagod sa pagkampay. Kung mayroon silang ugnayan sa isa't isa ay hindi natin batid. Animo'y sagisag din sila ng isang awitin sa dula ukol sa bawal na pag-ibig na minsan kong napanood sa entablado: *laksang pakpak na pumapagaspas, punla ng talang lumalaglas, liwanag at darang ng sigang malagablab, lakas kang bumihag sa pusong mailap!*

Paboritong-paborito ko kung papaano mo binibigkas ang *huia*. *Huu-i. Hu-u-i. Hui. Huia*. Nasa dulo ng salita ang diin at kinakailangang itikom ang bibig na tila may nginunguso na nasa akmang posisyon ng paghalik. Tulad ito nang turuan mo ako kung papaano nararapat bigkasin ang *tú*. You, ikaw, nimo, imo. Tulad ng *huia*, nasa akma rin ng paghalik ang posisyon ng nguso kapag bibigkasin ang *tú*. Sa mga ganitong pagkakataon, tuwina kong pinagmamasdan ang galaw at kilos ng iyong bibig na tila may kung anong inaapuhap na hagkan sa hangin. Kawangis din ito ng pronunciation mo sa iba-iba pang salita sa ating bokabularyo na nagsasanga ngunit nagkakaiba rin. Tulad ng *cochillo* para sa iyo, *kutsilyo* para sa akin. Ngunit binibigkas mo ito bilang *kuchiio*, winawaglit ang dalawang letra ng *l* upang higit na maging malambot ang pagbigkas. Hindi rin ito nalalayo sa tinatawag mong *ajo* na tinatawag naman namin na *ahos*. Paborito mo itong isinasahog sa tuwinang nagbababad ka ng mga karne na ang proseso'y tinatawag mong *adobar*, na kung tutuusin ay bersiyon namin ng *adobo*. Ilan lamang ito sa mga natutunan ko sa iyo sa halos dalawang taon na magkasama tayo sa tinitirahang accommodation. Mga dunong itong hindi ko agad-agad malilimot kahit sa panahong hindi na tayo ang magkasama sa flat. Sa susunod na linggo, nakatakda ka nang umuwi sa pinanggalingang bansa lalo't naaprobahan na ang huling requirement sa iyong doktorado. Nagpapabalik-balik ka na lamang sa office at laboratory upang kunin ang mga naiwang gamit at daluhan ang iba-ibang despedida party para sa iyo.

Ngayon, narito na naman tayo. Ikaapat na araw ng Domingo ng Mayo. Namamangha sa mga huling araw ng autumn bago tuluyang magparamdam ang winter. Naghihintay sa hudyat kung mayroon na namang nakahimlay na *huia* sa labas ng nakakandadong pintuan ng flat. Matatapos na ang panahon ng paninilaw ng mga nalalagas at natutuyot na dahon at sanga ng puno. Sansaglit pa, matutunaw ang taglagas ng



## MAIKLING KUWENTO

taglamig. Magsisimula na naman ang malalamig na araw at gabi kung kailan, kung minsan, uulan ng niyebeng inaasahang magtataklob sa kung ano ang mga nakikita at natatanaw. Don't worry, the lab says it's not *ave de rapiña*, tugon mo, nang tingnan kita sa mata upang mawari kung ano ang iniisip mo. Ave de Rapiña. Bird of Prey. Mga Ibong Mandaragit. Mga ibong nabubuhay sa pagkain ng karne ng kanilang kapwa hayop. Ramdam kong may kung anong kabog sa dibdib natin na hindi mabigyan ng ngalan. Maaaring nerbiyos na may halong excitement habang unti-unti, ibinubuka ang naluluma nang pintuan. Nang tuluyan na itong bumukas, naroon ngang muli ang itim na itim na *huia* na mayroong maigsi ngunit makapal na tuka wangis sa uwak. Nakatikom ang pakpak upang takpan ang nakahimlay na katawan na tinakasan ng hininga.



Marahil pangitain, ngunit maaari din naman na isang talinghaga. Ganito ko inilalarawan sa iyo ang tatlong magkakasunod na matandang lalaking *huia* na nakakatagpo nating wala nang buhay sa pintuan tuwing Domingo. Lagpas isang siglo na mula nang opisyal na huling mamataan ang sagradong ibon bagaman kada dekada simula 1922 hanggang 1970, mayroong panaka-nakang balita hinggil sa hindi inaasahang pagkakasipat daw rito. Kung *huia* nga ang mga nasipat sa dekadang binabanggit ay walang makapag-confirm. Bugtong at palaisipan kung papaanong tayo, kapwa estranghero sa Aotearoa na abala sa kanya-kanyang pananaliksik, ang pinagpakitaan ng mga itim na ibon.

Nang sumunod na araw na makita kitang nagpe-prepare para magluto ng *tortilla de patata* sa cocina, nilapitan kita upang panoorin kung papaano mo tinatalupan ang bawat piraso ng patata. Pinapatugtog mo ang favorite song mo na “No Sabe Donde Va” ng rock duo na Amaral na ang lyrics ay tungkol sa isang tao na lilisan sa kanilang munting bayan, bitbit ang isang malaking bagahe, upang tupdin ang kanyang mga pangarap kahit na hindi pa rin batid kung saan tutungo. *Uh, no sabe a dónde va, pero sí sabe que algún día llegará.* Hindi natin alam kung akma ang kanta sa nararamdaman mo o ironiko itong nagpapahayag sa kabalintunaan ng mga desisyon mo. Nagdesisyon ka nang bumalik sa España upang doon mag-settle at humanap ng trabaho. Hindi na inalintana kung mayroong offer ang unibersidad sa Mexico kung saan mo tinapos ang iyong masterado, o manatili sa Aotearoa upang magtrabaho sa iyong



PhD supervisor. España is home. España needs me. There's a lot to do to fix España. Ang nagpapaulit-ulit mong tinig sa balintataw ko kapag naaalaala ang nalalapit mong paglisan. Iyon din ang nagiging gabay ko kung bakit kahit na anong rikit at ayos ng buhay sa ibayong dagat, kinakailangan kong bumalik sa iniwanang bansa na tila isinumpa ng mismong kasaysayan. Bukod sa kontrata ng return service na pinirmahan sa institusyong pinagtatrabahuhan at ina na kinakailangang alagaan dahil sa iniindang sakit, laging mainam ang dunong na ibinabahagi mo hinggil sa tungkuling pagsilbihan ang pinagmulang bansa. Ano't ano pa man. Gaano man nakasusulasok ang korapsiyon, kahirapan, at karahasan na iniinda ng milyon-milyong taumbayan.

Ngunit, ang totoo, nilulunok ko ang lahat ng maaaring malunok sa lalamunan kapag pinag-uusapan natin ang nakaamba mong pag-alis o ang mga plano sa hinaharap. Batid ko na kung ano man ang mayroon tayo sa Aotearoa ay mananatili lamang doon. Ibubulong na lamang natin sa magkarugtong na isla at karatig na dagat ang pag-alaala at posibleng paglimot sa kung ano ang mayroon tayo. I can't even ask you to stay in Aotearoa to wait for me to finish my degree. You have a boyfriend waiting in España. And even though you're in an open relationship, what we have is nothing but a situation. Two graduate student flatmates who are miserable and scared to be alone on an island in the middle of the Pacific Ocean. It's a life that gives a little life to our miserable and borrowed lives as graduate students in a foreign country. Two lonely souls meeting each other at the ends of the world.

Do you need help? Sure, you can cut the onions. At saka mo iniabot sa akin ang mga sibuyas na maaari kong talupan. Binuksan mo ang electric stove, pinainit ang frying pan, at nang hipuin itong mainit-init na ay saka ibinuhos doon ang halos isang bote ng olive oil. Inihulog mo isa-isa sa kumukulong mantika ang mga hiniwang patata sa kaliwang kamay. *Tortilla de patata*. Another one of those authentic dishes from your hometown Gijón in Asturias. Palalambutin ang patata, at upang maging mas malasa ay ihahalo roon ang iba pang rekado tulad ng cebolla, kaunting asin, at pimienta. Magbabasag ka ng itlog sa separate bowl at doon ay babatihin ito. Babalikan ang patata at cebolla sa kumukulong olive oil, at kung tama na ang lambot, ay saka sila ihahalo sa mga itlog. In the same frying pan, you will put another generous amount of olive oil and then pour the egg with potatoes and onions, detalyadong instruksiyon mo. Kinuha mo ang pinakamalaking plato at saka ito itinaklob sa frying



## MAIKLING KUWENTO

pan. Kapag namumuo na ang pinaghalo-halong itlog, patata, at cebolla, at kung maging kahulma na ito ng bilog na plato, saka mo ito maingat na babaligtarin upang ang kabilang bahagi naman ang maluto.

We can eat this Spanish omelette first before we head to the uni, anyaya mo. Ito rin naman ang malimit nating ginagawa sa halos dalawang taon. Sabay na mag-aalmusal nang 11.00 a.m. *Hora española*. At pagkatapos ay sabay ring tutungo sa kanya-kanyang laboratories sa university. Hindi ka nasanay na gumising nang maagang-maaga sa umaga para magbatak ng katawan at magtrabaho. Kung sa bagay, hindi rin naman ako nasanay sa ganoong buhay. Kung a las seis ng umaga ako tuwinang nagigising, maaga na para sa iyo ang a las diez. Nito lamang dalawang nagdaang Domingo nabago ang paggising mo nang patuloy tayong makarinig ng ingay ng ibon sa labas ng pintuan ng flat. Sa mga pagkakataon tulad nito, higit kong nauunawaan at napapahalagahan ang pagkakaiba-iba ng mga kultura at ang halaga ng anotasyon ni José Rizal ng *Sucesos de las Islas Filipinas* ni Antonio de Morga.

Did you see the French Press?

I think Robin used it before he left. Check the cupboard. Si Robin ang huli nating flatmate na umalis pauwing Germany. Exchange students sila ni Alex, isa pang flatmate na umuwi na sa Denmark two weeks ago dahil maaga niyang natapos ang requirements sa university. Tayong dalawa na lang ang nabinbin sa flat. Sa susunod na Domingo, ikaw naman ang nakatakdang lumisan.

Pfft. It's here.

See.

Would it be fine to use decaf for now?

For sure.

Put some coffee grind into the plunger and then pour the hot water to let them steep for five minutes. The more bitter the better. That's your philosophy about coffee, having lived in the cold countryside of España na iba sa tropikal na klimang kinalakihan ko. Nagsimula na ang winter. Ramdam na ramdam na ang pagbabago ng panahon kaya nga't kaninang 7.00 a.m., umabot na ang lamig ng 0 degree. *Hmmm*. Luto na ang *tortilla de patata*. Binaligtad mo ito gamit ang plato at nakahanda nang dalhin sa la mesa. I will bring the dead *huia* to the lab, wika mo. Napanguso ako at ibinaling ang tingin mula sa tinitingnan na naghahalo-halong tubig at kape patungo sa iyo. At saka tumango-tango. Narito na naman ang talinghaga ng ibon na kung susumahin ay nagbibigkis din sa atin. Pájaro



o ave. O langgam. Ibang langgam sa imahen at pag-unawang nakabatay sa maliliit na insektong mahilig magtampisaw sa mga pagkaing may asukal. Magkaiba ang *hormiga* na hulmigas sa langgam na lumilipad.

Kung pinagbubuklod ng itim na ibon ang bawat umaga ng Domingo natin, nakababaliw na realisasyon kung papaanong ginagambala rin ng ibon ang mga pananaliksik natin. Oddly, the birds are also one of the many causes of a zoonotic disease called *intestinal capillariasis*. Umaatake ito sa maraming komunidad na lumilibot sa ilog na sakop ng Brgy. Lumaping sa bayan ng Jose Dalman sa Zamboanga del Norte. Dito rin ang lunan kung saan nananahan ang maraming Subanon. Ito rin ang siyang field site ko na pinanggalingan ng kasalukuyang sinasaliksik.

Noong nagsisimula akong kumuha ng data sa field site sa Jose Dalman, nabanggit sa iba-ibang Rural Health Unit na maaaring ang hindi tamang paggamit ng palikuran ng mga Subanon at pagdumi sa pinapalibutang bahagi ng ilog ang siyang primary cause ng patolohikong sakit. But what is the right way of using the toilet? Tanong ng thesis supervisor ko nang banggitin ito sa kanya. Minsan ko nang nabanggit sa iyo na sa mga ganitong inquiries ako patuloy na nananalig sa siyensiya, kung papaanong maaaring humanistiko ang gamiting dulog at tools sa pagtutuos at pagmamapa sa mga numero at chemical elements. Isn't prescribing the right form of using the toilet a colonial project, especially for the Indigenous peoples? Doon ako higit na nalinawan. Lalo na't lumilitaw rin sa mga nasaliksik ko na maaaring nakukuha ang *intestinal capillariasis* sa pagkain ng mga hindi lutong isda sa ilog na ginagawang kinilaw kung saan maaaring makain ang mga parásito. Ang primary culprit: migratory fish-eating birds, which can disseminate nematodes, also known as *Capillaria philippinensis*, through their stools along flyways that could infect the fish in the river. Lumilitaw ang maraming nematode sa tissues ng maliit na tubig tabang na isda na nagsisilbing intermediate host. Ang mga tubig tabang na isda na nakukuha sa ilog at kinakain sa Brgy. Lumaping ang sinasabing sanhi ng *intestinal capillariasis* na nararanasan ng maraming Subanon. Walang pangalan ang mga ibon na siyang sinasabing suspek sa pagkalat ng sakit. At mula 2006, tinatayang umabot na sa higit isang libo ang kaso sa Brgy. Lumaping mula nang mapangalanan doon ang patolohiko. Heto na naman, narito, ang ibon at ang kanilang talinghaga na nagbibigkis sa atin.

Natatandaan ko na minsan ko na ring naikuwento sa isa sa mga flat dinner natin ang hinuha kong ugnayan sa pagitan ng science at folklore.





## MAIKLING KUWENTO

Napakamot sa ulo ang mga kasama natin. Ngunit natatandaan kong matiyaga kang nakinig sa paliwanag ko: how folklore is not just mythical and mystical but could also be scientific in explaining physical and natural phenomena in the world. It could remind us why stranger things happen. Nabanggit na sa akin noon ng mga nakakuwentuhan kong Subanon na tinatawag nila ang *intestinal capillariasis* bilang *hupong o himaga*. Sa haraya nila'y isa itong patolohikong sakit na dumadapo sa katawan ng tao. Sa umpisa'y sasakit ang tiyan, magtatae, susuka, tatamlay, manghihina ang kalamnan, at pagkatapos ay unti-unti nang mamamaga ang iba-ibang bahagi ng katawan. Ang ganitong sakit ng *kilawan* o mortal na tao ay kinakailangang bigyan ng lunas at isailalim sa kamay ng *balian*. Traditional versus modern medicine. A never-ending debate. Ngunit hindi tayo nandi-discriminate. Sa yugtong ito, masasabi kong natutunan ko nang igalang ang kanya-kanyang sistema ng pananalig, lalo na sa mga paniniwalang naging biktima ng antagonistikong imahen bunsod ng kolonisasyon. Tulad ng nangyari sa paniniwala ng mga Subanon, na kung titingnan ng tagalabas ay maaaring mahulog sa parikala ng pagiging atrasado, luma, at hungkag. Kaya't sa pagitan ng kung ano ang natatanaw at namamasid, patuloy kong sinusulyapan ang palikpik at talulot ng rekonsilyasyon.

We don't make judgments. We let nature take its own judgments. Respect their Indigenous belief systems. Let them practice their lifeworlds, and then go on and continue with your research, my supervisor said. Ipinagpatuloy ko ang pananaliksik sa *intestinal capillariasis*. Tinunton ang pinagmumulang migratory fish-eating birds at kung papaano mas matutugunan ang mas mabilis na paggaling ng mga dadapuan ng sakit. Science and folklore need not always be at the opposite poles. And what I deeply appreciate about you is your open-mindedness to these kinds of stuff. Ito ang sinabi ko sa iyo nang ibahagi mo ang naging predikamento mo sa ginagawang pananaliksik sa lawa na pinapaligiran ng munisipalidad ng Pátzcuaro sa Michoacán sa Mexico. You have a grant from an organisation in Mexico to research about *Capillaria patzcuarensis*, a “paratype” originating from the fish *Chirostoma estor* found in Lake Pátzcuaro. Isa pang anyo ng *intestinal capillariasis*. Patolohiko at zoonotic disease din ito na tinatamaan ang tiyan na tutuloy sa iba-iba pang bahagi ng katawan sa kung sinumang magkakasakit. Ilang beses ko nang narinig ang nagpapaulit-ulit mong tugon sa bawat nagtatanong kung ano ang tuon ng iyong sinasaliksik. Na kadalasan, sinasagot mo kung papaanong





masidhing naapektuhan ng *Capillaria patzcuarensis* ang mga nananahang Indigenous group ng Purépecha sa Michoacán na sumasalok ng tubig sa lawa na kanilang iniinom. Ibon ding kumakampay sa kalawakan ng lawa ang sinasabing sanhi ng mga nematode na nanunuot sa kaibuturan ng mga isda.

Ngunit may dagdag ang mga tugon mo na ito hinggil sa marubdob na talastasan sa pagitan ng mga kasama mong scientist at nakakuwentuhang Purépecha. Dahil sa kaliwa't kanang kaso ng *intestinal capillariasis*, may babala ang mga scientist na kinakailangang pakuluan ang tubig na sinasalok sa lawa bago ito inumin. Ngunit matiim ang paniniwala ng mga katutubo na kalakip ng pagkakasakit ang poot ng mga tanod na tagapagbantay ng lawa. Willing silang pakuluan ang tubig na kanilang iinumina ngunit tigib din ang paniniwala nilang ang itinatayong minahan na maaaring sumira sa lawa ang sanhi ng pagkalat ng sakit. More than boiling the water, the construction of a mining company that will affect the lake needs to stop. *Hijo de puta. Ugh. Perdóna.* Sorry for my sexist remark. At saka ka biglang tatahimik.

Indigenous and colonized peoples are always the ones vulnerable to the effects of colonialism and modernization. And you and your ancestors should be blamed. Natatandaan kong kumunot ang noo mo sa pahayag na iyon. Ikaw naman ang kumamot sa iyong ulo. At pagkatapos, sabay tayong tumawa. Naunawaan agad natin ang kakatwang realidad ng pahayag ko. We were assholes, wika mo, sabay ngiti na magpapakita sa naninilaw mong ngipin na pinadilaw ng caffeine. Batid natin kung papaanong nilukob ng España nitong mga nagdaang siglo ang maraming bansa. Batid din natin ang iba-ibang paraan ng pagsukol at pagsasamantala sa mga katutubong nilukob—hindi iba sa mga Subanon sa Zamboanga at Purépecha sa Michoacán. Ito ang mingaw at panglaw ng sansinukob—ang mga naiwang bakas ng kolonisasyon na nakaukit sa isip, gunita, katawan, at pagnanasa ng mga nilukob.

We have already paid for those sins. Forgive us.

But look at us, we are still suffering from what you have done.

Tumaas ang kilay mo at mabilis na bumukang muli ang bibig. Binago na ang conjugation ng verb. Kung tutuusin, madali lang naman ang conjugation ng verb sa English language kung ikukumpara sa Spanish. We have paid and we are still paying for those sins. Hundreds of thousands have died from the Francoist dictatorship, remember?



## MAIKLING KUWENTO

Saglit akong napatigil nang binanggit mo ang Francoist dictatorship. Sariwa pa sa alaala ko na minsan mong naibahagi na hindi tipikal na pinag-uusapan ang pangalan ni Francisco Franco sa mga normal na kumbersasyon sa España. Animo'y isa itong pangalan na pinandirihan at kinatatakutan. Hindi nararapat banggitin. Kung sa bagay, malagim at marahas na yugto sa kasaysayan ng España ang paghahari at diktaduryang ito. *La represión franquista. Dictadura franquista. Terror Blanco. Fascismo a la española. Falangismo.* Ang kasidhian ng Falange Española Tradicionalista y de las Juntas de Ofensiva Nacional Sindicalista na kumitil sa buhay ng daan-daang libo sa halos tatlumpu't anim na taon ng diktadurya. Malawakan ang anti-komunismo, militarismo, pasismo, konserbatismo, awtoritarianismo, monarkismo, anti-rehinyonalismo, anti-Catalanismo, anti-Galicianismo, anti-Vasquismo, pan-Hispanismo, at integralismo. Maging ang mga homoseksuwal ay hindi nakaligtas sa *Ley de vagos y maleantes* na ipinatapon sa mga concentration camp. May mass graves pa rin na hindi natutunton kaya't patuloy na ipinapatupad ang *Ley de memoria histórica* upang mapangalanan ang mga ibinaong bangkay na ngayo'y hindi pa rin makilalang buto, bungo, at kalansay. Tama. Maaaring pinagbabayaran na nga ng España ang paglukob nito sa iba-ibang bansa noon. Matagal nang natapos ang gobyerno ni Franco ngunit patuloy ang pag-alaala sa malalagim na alaalang hatid ng diktadurya. Hanggang ngayon, patuloy silang minumulto ng kasaysayan. Animo'y sirkular itong hindi natapos sa nakaraan at patuloy na bumabalik. Umiikot, lumulundag, at nanggagambalang muli sa kung ano ang naroon at narito.

We're kind of the same. We're still enduring the remnants of the Marcos dictatorship until now. The enforced disappearances are still *desaparecido*. Tumango ka sapagkat kilala mo si Marcos. Batid mo rin ang pagkakatulad nina Franco at Marcos sa maraming bagay. Kung papaanong ginamit nila ang mga militar upang busalan ang bibig ng maraming aktibista at maging sibilyan. Kung ilang taon at dekada rin silang naghari-harian. Kung paaanong ginamit nila ang estado upang sikilin ang karapatan at kitlin ang buhay ng mga tataliwas sa kanilang gahom. Ituturing silang kaaway ng estado. *Limpieza social*. Cleansing of society. Wala ring pinagkaiba sa extrajudicial killings ni Duterte. Si Duterte na isang sintomas ng malaking problema ng pagsasantabi at hindi patas na distribusyon ng gahom mula sentro patungong rehiyon. Rodrigo Roa Duterte, the son of Marcos's former cabinet member. Actually, we've just elected Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. to the highest office thirty-six



years after we toppled his father's dictatorship. Manunuya muli ako na pamana pa rin ang lahat ng ito ng kolonyalismo.

The Marcos's are revising our history through fake news and falsehoods. They're whitewashing it for their own benefits. Seryoso na ang usapan ngayon. Franco and his cohorts also did the same in España. Binaluktot ang kasaysayan. Binura ang trahedya. Nilimot ang karahasan. That's also the reason why Franco was buried in Valle de los Caídos but rightfully exhumed thirty-two years later to respect the victims buried there. Mabuti pa ang España habang sa Filipinas, nakalibing na sa Libingan ng mga Bayani ang diktador. Nakabalik pa sila sa kapangyarihan. Pilosopo Tasyo from *Noli Me Tángere* is always right: Not all were asleep in the night of our ancestors. Hindi ba't nabasa mo at pamilyar ka sa *Noli Me Tángere* at *El Filibusterismo*? Binigyan kita ng kopya nito na isinalin ni Maria Soledad Lacson Locsin dahil kapangalan mo si Rizal at kaapelyido ang lalaking pinakasalan ni Paulita Gómez. Juanito Peláez ang ngalan niya, anak ng mayamang si Timoteo Peláez. *Correcto, Señor José Ítalo García Peláez?*

Ganitong-ganito rin ang usapan natin noong nagdaang birthday mo last year. Hinintay ang pagsapit ng ika-12 ng Junio upang salubungin ang kaarawan mo. Nagpakalango ang buong flat sa cerveza. We celebrated your birthday and the seemingly independence my home country is bragging about. *Viva Filipinas!* Ngunit a la una ng madaling-araw ay naging seryoso na ang usapan. Natatandaan kong pumunta ka sa kuwarto mo at saka bumaba muli sa dining area upang ipakita ang *Patas Arriba: La Escuela del Mundo al Revés* ni Eduardo Galeano. Hinanap ang pahina 210 at saka binasa nang malakas na malakas ang nakalimbag doon: *No hay historia muda. Por mucho que la quemen, por mucho que la rompan, por mucho que la mientan, la historia humana se niega a callarse la boca.* Saka mo ito isinalin sa Ingles na ikaw ang nagdidikta ng wika at balarila. History is not silent. No matter how much they own it, crush it, and falsify it, human history refuses to remain silent. Hindi pipi ang kasaysayan. Gaano man nila ito ariin, sikilin, gawing huwad, magkakaroon at magkakaroon ng tinig ang kasaysayan.

Ngayon, tila nasaid muli ang lahat ng maaari nating pag-usapan. Walang umiimik habang kinakain ang bagong hango na *tortilla de patata*. May ilang piraso na natira sa plato. Malamig na ang kakaunting naiwang kape sa plunger. Natatanaw ko sa pinakadulong bahagi ng kaliwang mata ang dalawang nakasalansan mong suitcase sa living room. Nag-aanyayang hawakan at dalhin sa airport sa mga susunod na araw. Are you



## MAIKLING KUWENTO

ready to leave Dunedin? Abala ka pa sa pagnguya sa isinubong *tortilla de patata* sa bibig. Not yet. I will surely miss a lot of things here. Including you. Bago na ang kanta na tumutugtog sa handy bluetooth speaker mo. Kanta ito tungkol sa natapos at hindi natapos na pagsinta na minsan kong ipinarinig sa iyo. Naghahalo-halo sa liriko ang Tagalog at Chavacano languages. Possibly the more reasonable embodiment of what we imagine to be the Filipino language. *Porque contigo yo ya iskuji (porque contigo yo ya iskuji), aura mi corazon ta supri (aura mi corazon ta supri). Bakit sa iyo pa nagkagusto? Parang bula, ika'y naglaho.* I hope to meet you again, José. Live a happy life. I want that for you. Sabay na naman tayong ngumiti. Sa labas, umuulan na ng niyebe. Higit tatlong beses kada taon binibisita ng niyebe ang Dunedin. Kukumutan na naman ng niyebe ang mga natatanaw na burol mula sa flat natin.

Saglit kang napatigil matapos nguyain ang huling subo ng *tortilla de patata*, pinaalala mo na naman ang ikatlong *huia* na natagpuan natin sa labas ng pintuan ng flat. Nakasilid ito sa container at nakasalansan sa la mesa. Hinihintay na sa laboratory upang muling butintingin at pag-aralan.



Masalimuot ang pagdadaanang proseso ng mga natagpuan nating *huia*. Ite-turn over sila ng university sa Te Papa Atawhai at doon sila patuloy na ie-examine. Tadtad ng messages ang email natin para sa mga journalist na gustong makahingi ng interview upang alamin kung papaanong namataan natin ang mga patay na *huia* sa labas ng pintuan. Hindi tayo sanay sa ganitong pagkakataon na tayo ang nasa sentro ng limelight. Hindi mo na rin kayang i-accommodate ang interview lalo na't busy ka na sa nakaambang paglisan. Kung babalik ka para sa graduation sa Disyembre ay hindi mo batid. Masyadong mahal ang airplane ticket bagaman mainam na muling masumpungan ang tag-init sa Aotearoa.

Nagpasya tayong i-ignore ang requests ng mga journalist, liban sa hiling ng local government ng Otago na mandatory interview bilang bahagi ng kanilang imbestigasyon. Nagtungo sila sa flat, isang nakababagot na Miercoles ng hapon. Tumagal ang interview nang halos isang oras. Samot-sari ang mga katanungan nilang umiinog sa kung papaano natin unang nakita ang *huia* sa labas ng flat. Kung humihinga pa ba ang mga itim na itim na ibon nang makita natin ito. At kung ano



ang una nating ginawa matapos silang masumpungan. Siniyasat nila ang paligid ng flat. Tiningnan ang mga nakapalibot ditong matandang puno at tinanaw ang nahahagip na karatig-burol kung saan maaaring may kumpon daw ng mga nalalabing *huia*. Palaisipan lamang kung papaanong mula North Island ay nagtungo ang mga *huia* sa South Island upang doon humanap ng sanktuwaryo. Itinuturong sanhi ang global warming at ang pagkatunaw ng yelo sa ibabang bahagi ng daigdig. Ang sabi-sabi, bahagya nang umiinit sa dati'y kay lamig-lamig noon na katimugang bahagi ng Aotearoa.

*Huia*. Sagradong ibon sa land of the long white cloud. Unti-unting pinawi ng kolonisasyon kaya't naging mailap nang magpakitang muli. Sa lahat ng maaari nilang harapin, sa atin nila piniling lumantad: inapo ng mga nanlukob at nilukob. Kapwa nakikipagbuno sa pagkalusaw ng mga alaala. Personal at politikal. Sasagi sa isip natin: maaaring naiiba at hindi naiiba ang mga *huia* sa mga ibong sanhi ng *intestinal capillariasis*. Sakit na dumadapo sa mga taong nanlukob at nilukob ang katawan, pagnanasa, at kaluluwa.

Naiwan na naman tayong dalawa sa dining area matapos umalis ang mga imbestigador mula sa Otago Regional Council. Magkaharap natin ngayong kinakain ang fish and chips mula Ric's Galley sa Portobello. Tumutugtog sa handy bluetooth speaker mo ang "Aserejé" ng Las Ketchup. Tumatango-tango kang tila sumasang-ayon at umiindak sa saliw at kumpas ng kanta tungkol sa isang lalaking ang ngaláy Diego na nagtungo sa bar upang subukang magpakalango sa ritmo ng *ragatanga*. *Y donde más no cabe un alma allí mete a darse caña, poseído por el ritmo ragatanga ... y aserejé-ja-dejé, de jebe tu de jebere sebiunouva majavi an de bugui an de güididipi.*

Maya-maya pa'y nakarinig tayo ng malakas na kalabog mula sa labas ng pintuan. Hayun na naman ang tunog. Naroon na naman ang dati-rati'y hindi pamilyar ngunit ngayo'y pamilyar nang huni ng ibon. Miercoles pa lamang. Hindi ito ang tipikal na umaga ng Domingo upang magpakitang muli ang *huia*. Panakaw tayong tumayo sa kinauupuan at saka walang ingay na tinungo ang pintuan. Heto na naman tayo, pigil na pigil ang impit at yabag ng paa. Marahang-marahan, maingat na maingat, binuksang muli ang pintuan. Pigil ang hininga. Tikom ang bibig. Mulat ang mga mata. At doo'y buong galak na tumambad sa atin ang isa na namang *huia*. *Santo dios!* Itim na itim ang balahibo na mayroong kaunti't nagkalat na bakas ng kulay berde at namuong puti sa kalupkop na dulo. Maigsi ngunit makapal ang tuka na wangis sa uwak. Kay lamlam ng kanyang matang



## MAIKLING KUWENTO

tila nakatitig sa atin. Kay nipis ng mga paang umiindayog sa ihip ng hangin. Gumagalaw. Sumusuray. Humahakbang. Sa payapa at tahimik na paggalaw ng *huia*, patuloy na umiikot ang mundo, lumalawak ang daigdig, pinapaliit ang sansinukob, kung minsâ'y umaatras at kadalasa'y umaabante, nagbabago-bago ang panahon, mula tag-init ay mapapawi ng taglagas at pagkatapos ay malulusaw sa taglamig at manaka-naka'y buong-buong lalamunin ng tagsibol, at ang itim na itim na ibon, humihikap sa matatarik na bangin, patuloy na kinikilala ang bawat sukal at panglaw, lumilipad sa kawalan habang kay rikit-rikít ng kanyang laksang pakpak na pumapagaspas.